**Pamagat**: Ang Pananampalataya

**Bible Text**: Jude 3 "Beloved, when I gave all diligence to write unto you of the common salvation, it was needful for me to write unto you, and exhort you that ye should earnestly contend for the faith which was once delivered unto the saints."

> *Pagsasalin*: Mga minamahal, buong pagsisikap kong ninais na sulatan kayo patungkol sa kaligtasang tinanggap nating lahat. (iisang kaligtasan) natagpuan kong kailangang sumulat upang himukin kayo na ipaglaban (o panindigan) ang pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal.

**Panimula**:

1. Sa ikatlong taludtod makikita natin ang "common salvation" ay iba sa "the faith." Sa nakaraan, pinagusapan natin ang common salvation (iisang kaligtasan; pangkaraniwang kaligtasan). Ngayon bibigyan natin pansin ang paksa na "the faith." Ano ba ang "the faith" at ano ang iba't-ibang bahagi ng faith na ito.
2. Pagkatapos natin ma-identify kung ano ito, papansinin natin kung ano any layunin ni Jude patungkol dito.

I. **Ano ang "the faith" (o Ang Pananampalataya)**

   A. Dahil iba ang paksa ng "common salvation" sa "the faith" awtomatik na ang "the faith" ay higit pa sa doctrine of salvation (kaligtasan).

   B. The Bible only knows of one faith.

      B.1. Ephesians 4:5 – one faith; unity of the faith (v.13).

      B.2. Acts 6:7 – were obedient to the faith. – (more than salvation)

      B.3. Acts 14:22 – exhorting them to continue in the faith.

      B.4. Acts 16:5 – churches established in the faith.

   C. "the faith" once delivered to the saints refer to the body of truth taught by Christ and His church. Ito ay higit pa sa kaligtasan, kabilang nito ay ang nagpapatuloy na "discipleship."

II. **Ano ang mga Katangian nitong "the Faith"**?

   A. Lahat ng magiging kasapi sa simbahan (o iglesia) ay ligtas na. Hindi tayo katulad ng ibang mga "Christian" organizations: Infant membership; Seeker membership; Prospective Membership; Salvation membership. Tayo ay tumutugma sa huwaran o larawan ng Bible – na ang mga umaanib sa iglesia ay alam na nila na sila ay iniligtas ng Dios, alang-alang kay Jesus at ang kanilang mga kasalanan ay pinatawaran na ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya. (Acts 2:41-42; v.47) – Salvation before church membership.

   B. Lahat ng magiging kasapi sa simbahan ay ligtas na at kailangan ang tao ay ligtas muna bago i-baptized. Hindi maaring i-baptize ang hindi muna disciples (sumusunod kay Jesus). (Jn. 4:1)

   C. Ang the faith ay iniingatan ng mga iglesia ng Panginoon (1 Tim. 3:15). Yun founder nito ay si Jesus (hindi si Pedro; hindi rin si Adam or si Abraham). Ang iglesia na nag-iingat ng pananampalataya ay hindi nagsimula sa Pentecost; o sa 313 A.D. sa Kautusan ng Constantine ng Milan. Ito ay nagsimula sa Galilee ng mga 30 A.D. noong ipinulong ng Panginoon ang kanyang mga alagad galing sa baptism ni John (Acts 1:21-22; I Cor. 12:28). Ang mga ordiances (mga kautusan) ay para lamang sa mga disciples (Baptism; Lord Supper).

**III. Ang Dapat nating Gawin patungkol sa Pananampalatayang ito?** (Earnestly contend – taimtim na ipaglaban; pinagsiskapan na ipagtangol, pinaninindigan).

   A. Dapat maging matatag tayo sa pananampalataya.

   B. Dapat maging masigasig sa pananampalataya.

   C. Dapat isabuhay natin ang pananampalataya.

   D. Dapat hikayatin natin ang isa't-isa sa pananampalataya.

   E. Dapat handa tayo na magdusa para sa pananampalataya.